

Pagsusuri sa COVID-19

Sino ang dapat magpasuri?

Sinumang may sipon o mga sintomas ng trangkaso, kahit na napakabanayad lamang, ay dapat magpasuri sa COVID-19 sa lalong madaling panahon. Kasama sa mga sintomas ng COVID-19 ang:

- lagnat halimbawa panginginig, pamamawis sa gabi
- mga sintomas ng respiratoryo tulad ng ubo, namamagang/makating lalamunan, tumutulong sipon, pangangapos ng hininga, kawalan ng pang-amoy o panlasa
- iba pang mga sintomas kabilang ang pananakit ng kalamnan at kasukasan, pagtatae, pagduduwal/pagsusuka at kawalan ng ganang kumain.

Ano ang maaasahan kapag ikaw ay nasuri?

- Ang pagsusuri ay libre, madali lang at mabilis.
- Kung ikaw ay isinangguni sa isang klinika ng pagsusuri, mangyaring dalhin ang iyong pagsangguni (referral). Hindi ito kinakailangan sa karamihan ng mga klinika.
- Ang mga kawani sa mga klinika ng pagsusuri at respiratoryo ay may suot na mga mask, gown, guwantes at face shield.
- Magtatanong sa iyo ang kawani tungkol sa iyong mga sintomas
- Kukuha ng mga swab mula sa loob ng iyong ilong at lalamunan.

Anong mangyayari pagkatapos kong masuri?

- Kailangan mong manatili sa bahay (ihiwalay ang sarili) hanggang makuha mo ang resulta ng pagsusuri sa iyo at ikaw ay walang sakit.
- Hindi ka maaaring lumabas ng bahay maliban kung ikaw ay magpapagamot o sa isang emerhensya. Hindi ka maaaring tumanggap ng mga bisita.
- Kung lumala ang iyong mga sintomas (hal. nahihirapan kang huminga), tumawag sa triple zero (000). Sabihin sa kawani ng ambulansya na nasuri ka na sa COVID-19.
- Kung ikaw ay may kasamang ibang tao sa bahay, dapat mong ihiwalay ang iyong sarili sa isang kuwarto. Magsuot ng surgical mask kapag ikaw ay nasa silid kasama ng iba at panatilihin ang 1.5 metro na layo sa iba.

- Ugaliin ang wastong kalinisan. Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay. Takpan ng iyong braso o tisyu ang iyong pag-ubo o pagbahing.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa paghihiwalay ng sarili?

<https://www.health.nsw.gov.au/Infectious/covid-19/Pages/resources.aspx>

- Kung ikaw ay malapit na nakipag-ugnayan sa isang tao na may COVID-19, kailangan mong manatili sa bahay nang 14 na araw matapos mong huling makita ang taong iyon. (Kasama sa malapit na pakikipag-ugnayan ang paninirahan sa iisang sambahayan o paggugol ng mahigit sa 15 minuto nang harap-harapan o 2 oras na pananatili sa isang saradong espasyo, kasama ang isang taong may COVID-19, mula 48 oras bago siya nagkasakit).
- Ang paghihiwalay ng sarili sa pamamagitan ng pananatili sa bahay ay angkop para sa lahat ng malalapit na pakikipag-ugnayan, kahit na kasalukuyang mabuti ang iyong pakiramdam at tumanggap ng negatibong resulta sa pagsusuri.

Paano ko makukuha ang aking mga resulta?

- Karaniwang matatanggap mo ang resulta ng iyong pagsusuri sa loob ng 24 hanggang 48 oras ngunit mangyaring maghintay ng hanggang 72 oras.
- Kung ikaw ay nagpasuri sa isang Emergency Department o sa klinika para sa COVID-19 ng pampublikong ospital, maaari mong matanggap ang iyong negatibong resulta sa pagsusuri sa COVID-19 sa pamamagitan ng SMS kung ikaw ay nagparehistro para sa Pathology COVID-19 SMS Results Service. Kung hindi ka nagparehistro, makakatanggap ka ng tawag mula sa Public Health Officer sa iyong Local Health District.
- Kung ikaw ay nagpasuri sa iyong GP o sa iba pang mga site, ang iyong doktor ang magbibigay sa iyo ng iyong mga resulta.

Anong mangyayari kung nagpositibo ako sa pagsusuri?

- Ang NSW Health ang mangangalaga sa iyo. Walang bayad ang iyong pagpapagamot, kahit na wala kang Medicare.

Pagsusuri sa COVID-19

Saan ako maaaring magpasuri?

- Bisitahin ang isang klinika ng COVID-19 sa:
<https://www.health.nsw.gov.au/Infectious/covid-19/Pages/clinics.aspx>
-
- Tumawag sa iyong doktor

Ang mga lokasyon ng klinika ng pagsusuri sa COVID-19 ng NSW Health:

Suburb	Lokasyon	Oras ng pagbubukas	Telepono	Kailangan ang referral?